

Impormasyon para sa mga Pansamantalang Kapital na Tagapagdesisyon

Na may pahintulot ng Public Guardian and Trustee

Bakit Mahalaga ang isang Kapital na Pahintulot sa Pangangalaga sa Kalusugan?

Sa British Columbia, ang bawat nasa hustong gulang ay may karapatang tanggapin o tanggihan ang pangangalagang pangkalusugan at lumahok sa paggawa ng mga desisyon tungkol sa kanilang sariling kalusugan. Ang isang nasa hustong gulang na wala nang kakayahang ay may karapatan pa ring iyon, ngunit ang pagsasagawa at pagprotekta sa karapatang iyon ay magiging responsibilidad ng isang pansamantalang kapital na tagapagdesisyon.

Sa BC, mayroong tatlong mga uri ng kapital na tagapagdesisyon para sa mga pagpapasya sa pangangalaga ng kalusugan. Ang mga ito ay:

- sang nasa hustong gulang na ini-appoint ng hukuman upang maging isang committee of person alinsunod sa *Patients Property Act* (Batas sa Ari-arian ng Pasyente);
- isang kinatawan alinsunod sa *Representation Agreement Act* (Batas sa Kasunduang Maging Kinatawan); at
- isang Temporary Substitute Decision Maker (TSDM) (Pansamantalang Kapital na Tagapagdesisyon o TSDM) na pinili ng isang health care provider o may pahintulot ng Public Guardian and Trustee (PGT) alinsunod sa *Health Care (Consent) and Care Facility (Admission) Act* (the Act) (Batas sa Pangangalaga sa Kalusugan (Pahintulot) at Pasilidad sa Pangangalaga (Pagpapasok) (Ang Batas))

Kung ang isang nasa hustong gulang sa BC ay gumawa ng isang legal at balidong Maagang Tagubilin (Advance Directive) na nagpapahintulot o tumatanggi sa isang paggamot o iminungkahing pangangalaga sa kalusugan sa isang petsa na ang nasa hustong gulang ay walang kakayahang sumang-ayon o tanggihan ito, at walang committee o kinatawan na may awtoridad na isagawa ang mga desisyon, ay hindi na kinakailangan ng TSDM kung gayon at ang health care provider ay dapat sundin ang utos na isinasaad ng nasa hustong gulang sa Maagang Tagubilin. Para sa karagdagang impormasyon ukol sa Maagang Tagubilin, tingnan ang impormasyon ng Ministry of Health sa maagang pagpapalano sa pangangalaga: <http://www.gov.bc.ca/advancecare>.

Bakit kasangkot ang Public Guardian and Trustee sa Pagpapahintulot sa TSDM?

Ang *Health Care (Consent) and Care Facility (Admission) Act* ay nagbibigay ng pahintulot kapag ang isang nasa hustong gulang ay walang legal na ini-appoint na kapalit (alinman sa committee o kinatawan) at walang nauukol na Maagang Tagubilin, ang health care provider ang dapat na pumili ng TSDM mula sa isang listahan na alinsunod sa batas. Ang isang TSDM ay maaari ring kailanganin kung ang legal na ini-appoint na kapalit ay hindi available. Kung, sa opinyon ng health care provider ay walang available at karapat-dapat na taong maging isang TSDM para sa nasa hustong gulang, o may may alitan sa kung sino ang pipiliin, ang PGT ang siyang dapat magbigay ng awtoridad sa sinumang tao na maging TSDM, o kumilos ito bilang TSDM.

Ang PGT ay bibigyan ng awtoridad ang isang tao na maging TSDM kung ang proseso ay hindi magiging dahilan ng pagkaantala ng pagbibigay ng pangangalagang pangkalusugan sa nasa hustong gulang at ang PGT ay nasisiyahan na ang taong iyon ay::

- may kakayahan at handang maging isang maalam at responsableng tagapagdesisyon; at
- may kaugnayan ang taong iyon sa nasa hustong gulang upang maging naaangkop na piliin.

Ano ang mga responsibilidad ng isang TSDM?

Bilang isang TSDM, ang iyong legal na responsibilidad ay kumatawan sa mga tagubilin o kagustuhang ipinahayag ng nasa hustong gulang noong may kakayahan. Kung hindi alam ang mga ito, ang iyong tungkulin ay kumilos para sa pinakamabuting interes ng nasa hustong gulang kung saan kailangan mong maalam na magbigay o tanggihan ang isang pahintulot.

Ang iyong pangunahing mga responsibilidad ay nakatakda nang detalyado sa seksyon 19 ng *Health Care (Consent) and Care Facility (Admission) Act*. Dahil sa tungkulin mong malaman at ikaw ang magpapatupad ng mga responsibilidad, ang buong seksyon ay muling inilimbag sa ibaba:

- 19 (1)** Ang isang taong pinili [bilang TSDM] upang magbigay o tanggihan ang kapalit na pahintulot sa pangangalagang pangkalusugan para sa isang nasa hustong gulang ay dapat na
 - (a)** kumonsulta, hangga't maaari, bago magbigay o tanggihan ang kapalit na pahintulot
 - (i)** sa nasa hustong gulang, at
 - (ii)** kung ang tao na pinili [bilang TSDM] ay isang taong pinahintulutan ng Public Guardian and Trustee, sinumang malapit na kamag-anak o matalik na kaibigan ng nasa hustong gulang na nagpahayag na tumulong, at
 - (b)** sumunod sa anumang mga ipinahayag na tagubilin o kagustuhan ng nasa hustong gulang noong siya ay may kakayahan.
- (2)** Kung ang tagubilin o kagustuhan ng nasa hustong gulang ay hindi alam, ang taong napili [bilang TSDM] ay dapat magpasya upang magbigay o tanggihan ang pahintulot sa pinakamabuting interes ng nasa hustong gulang.
- (3)** Kapag nagpapasya kung nasa pinakamabuting interes ng nasa hustong gulang na magbigay, tanggihan o pawalang-saysay ang kapalit na pahintulot, ang taong pinili [bilang TSDM] ay dapat na isaalang-alang ang
 - (a)** kasalukuyang kagustuhan ng nasa hustong gulang, at mga paniniwala at pinahahalagan,
 - (b)** kung makabubuti sa kalagayan at kagalingan ng nasa hustong gulang ang iminungkahing pangangalagang pangkalusugan,
 - (c)** kung makabubuti sa kalagayan at kagalingan ng nasa hustong gulang na huwag ituloy ang iminungkahing pangangalagang pangkalusugan,
 - (d)** kung ang benepisyong makukuha ng nasa hustong gulang mula sa iminungkahing pangangalagang pangkalusugan kalusugan ay mas malaki kaysa panganib ng pinsala, at
 - (e)** kung ang isang mas hindi restrictive o hindi mapanghimasok (intrusive) na paraan ng pangangalagang pangkalusugan ay magiging kapaki-pakinabang kaysa sa iminungkahing pangangalagang pangkalusugan.

Anong mga Talaan ang Kailangang Panatilihin ng isang TSDM?

Bilang kondisyon sa pagbibigay ng awtoridad sa iyo bilang TSDM, kinakailangan ng PGT na panatilihin mo ang isang talaan ng iyong mga desisyon sa pangangalaga sa kalusugan at maipakita ang talaang ito kapag hiniling ng nasa hustong gulang, ng PGT o isang kasunod na TSDM. Dapat kasama sa iyong talaan:

- ang mga petsa na kinausap mo ang health care provider tungkol sa iminungkahing paggamot o pangangalagang pangkalusugan;
- ang katangian ng paggamot;
- ang mga desisyon na ginawa mo;
- ang mga pangalan ng mga pangunahing health care provider na kasangkot pati na rin ang iba pang mga taong kinonsulta mo bago ginawa ang desisyon; at
- ang mga dahilan para sa iyong mga desisyon, halimbawa, ang iyong pag-unawa ng mga panganib at mga benepisyo, o ang pag-unawa mo ng naunang tagubilin o kagustuhan ng nasa hustong gulang, kung alam mo.

Bilang isang TSDM na may pahintulot ng PGT, kinakailangan sa Batas na kumonsulta ka hangga't maaari, sa nasa hustong gulang at sinumang malapit na kamag-anak o matalik na kaibigan ng nasa hustong gulang na iyon na nagpahayag na tumulong. Dapat mo ring sundin ang anumang mga tagubilin o kagustuhang ipinahayag ng nasa hustong gulang noong siya ay may kakayahan. Ang iyong talaan ay dapat kasali ang petsa ng iyong mga pakikipag-usap at ang mga impormasyon na natanggap mo.

Ang PGT Notice of Authorization (Abiso ng Awtorisasyon ng PGT) upang kumilos ka bilang TSDM ay isang mahalagang talâ dahil ang mga health care provider ng nasa hustong gulang ay maaaring mapalitan. Kapag ikaw ay tinawag upang gawin ang iyong tungkulin bilang isang TSDM, dapat kang maging handa na ipakita ang abiso na ito sa health care provider upang kumpirmahin ang iyong kapangyarihan.

May Paghihigpit (Restriction) ba sa mga Desisyon na Maaaring Gawin ng TSDM?

Dahil sa ikaw ay may tungkulin sa paggawa ng desisyon, ikaw ay malamang na konsultahin sa iba't ibang mga paksa na may kaugnayan sa nasa hustong gulang.

Samantalang ang iyong kaalaman sa mga kagustuhan, paniniwala at pinahahalagahan ng nasa hustong gulang ay maaring makatulong sa mahusay na paggawa ng desisyon ng support network ng nasa hustong gulang, ang iyong tungkulin bilang TSDM ay limitado sa paggawa ng mga desisyon sa pangangalagang pangkalusugan na tinukoy sa iyong Notice of Authorization at alinsunod sa *Health Care (Consent) and Care Facility (Admission) Act* at Health Care Consent Regulation (the Regulation).

Ang mga Pinaghihigpitang Desisyon sa Pangangalaga sa Kalusugan

Ang Batas at Regulasyon ay ispesipikong ipinagbabawal sa isang TSDM na pahintulutan ang sumusunod na mga desisyon sa pangangalaga sa kalusugan:

- pagpapalaglag (abortion) maliban kung inirekomenda sa pamamagitan ng pagsulat ng gumagamot na doktor at isa pang medical practitioner man lamang na sumuri sa nasa hustong gulang upang lapatan ng ipinanukala;
- paggamit ng kuryente na paraan ng paggamot (electroconvulsive therapy) maliban kung inirekomenda sa pamamagitan ng pagsulat ng gumagamot na doktor at isa pang medical practitioner man lamang na sumuri sa nasa hustong gulang upang lapatan ng ipinanukala;
- pag-opera sa utak (psychosurgery);
- pag-aalis ng himaymay (tissue) ng katawan mula sa buhay na tao para sa implantation o ilipat sa ibang katawan ng tao o kaya para sa mga medikal na pag-aaral o pananaliksik;
- pang-eksperimentong pangangalaga sa kalusugan na maglalagay sa panganib sa nasa hustong gulang na lalapatan ng ipinanukalang pangangalaga sa kalusugan na hindi naman inaasahang makagagaling ang resulta;
- paglahok sa isang pangangalaga sa kalusugan o medikal na programa sa pananaliksik na hindi pa naaaprubahan ng isang itnagdang komite sa pananaliksik na medikal; o
- anumang paggamot, pamamaraan o therapy na nagsasangkot ng paggamit ng aversive stimuli o anumang mga negatibong pampasigla na nagdudulot ng pagbabago sa pag-uugali.

Ang mga Links sa *Health Care (Consent) and Care Facility (Admission) Act* at Health Care Consent Regulation ay matatagpuan sa BC Laws website sa: www.bclaws.ca.

Pagtanggi sa Pangangalaga sa Kalusugan na Nagpapahaba ng Buhay

Maaari mo lamang tanggihan ang pahintulot sa pangangalagang pangkalusugan na kailangan upang pahabain ang buhay kapag may matibay na kasunduang kasama ang mga health care provider ng nasa hustong gulang na ang desisyon na tanggihan ang kapalit na pahintulot ay medikal na naaangkop, at ginawa mo ang desisyon alinsunod sa iyong mga tungkulin ayon sa Batas. Kung hindi ka komportable sa paggawa ng desisyong ito, maaari mong abisuhan ang PGT.

Isterilisasyon para sa hindi nakakagaling (therapeutic) na mga dahilan

Tandaan: **Wala** kang kapangyarihan na magbigay ng pahintulot sa isterilisasyon para sa hindi nakakagaling na mga dahilan. Seksyon 2 (d) ng *Health Care (Consent) and Care Facility (Admission) Act* “Ang batas na ito ay hindi umaaplay sa probisyon ng mga propesyonal na mga serbisyo, pangangalaga o paggamot sa isang tao para sa mga layunin ng isterilisasyon para sa mga hindi nakakagaling na mga dahilan.”

Major at Minor na mga Desisyon sa Pangangalaga sa Kalusugan

Ang iyong Notice of Authorization ay tinutukoy kung ikaw ay may pahintulot na gumawa ng mga major at minor na desisyon sa pangangalaga sa kalusugan o mga minor na desisyon lamang para sa pangangalaga ng kalusugan. Kung ikaw ay pinahihintulutan lamang para sa mga minor na desisyon sa pangangalaga ng kalusugan, mahalagang ipaalam ito sa mga kasangkot na health care provider na dapat nilang kontakin ang PGT kung kailangan ng pahintulot para sa major na pangangalaga sa kalusugan ay.

Ilalarawan ng *Health Care (Consent) and Care Facility (Admission) Act* at the Regulation ang pagkakaiba sa pagitan ng mga major at minor na pangangalaga sa kalusugan tulad ng ipinakita sa sumusunod na chart:

Ang ibig sabihin ng mga major na pangangalaga sa kalusugan ay:

- (a) mga major na pag-ooopera
- (b) anumang paggamot na nagsasangkot ng pangkalahatang pampamanhid (general anesthetic)
- (c) mga major na pag-diagnose o investigative na pamamaraan, o
- (d) anumang pangangalagang pangkalusugan na itinalaga ng regulasyon bilang major na pangangalaga sa kalusugan

Ang mga itinakda ng regulasyon bilang major na mga pangangalaga sa kalusugan ay ang mga sumusunod:

- (a) radiation therapy
- (b) intravenous chemotherapy
- (c) dyalisis sa bato
- (d) electroconvulsive therapy o paggamit ng kuryente na paraan ng paggamot
- (e) laser surgery

Ang ibig sabihin ng mga minor na pangangalaga sa kalusugan ay ang mga sumusunod:

- (a) Mga pangkaraniwan (routine) na test upang malaman kung kinakailangan ng pangangalaga sa kalusugan
- (b) Pangkaraniwang paggamot ng dentista na pumipigil o nakakagamot ng isang kondisyon o pinsala na sanhi ng sakit o trauma tulad ng:
 - (i) Pagpapasta at pagbunot ng ngipin na mayroon o walang local anesthetic; at
 - (ii) Pag-iinspeksyon sa bibig (oral hygiene)

Ang mga Desisyon na Hindi kaugnay ng Pangangalaga sa Kalusugan

Madalas na ang isang TSDM ay kinokonsulta tungkol sa iba't ibang bagay na hindi naman tungkol sa pangangalagang pangkalusugan. Ang mga halimbawa ng mga desisyon na wala kang awtoridad na magpasya bilang isang TSDM ayon sa *Health Care (Consent) and Care Facility (Admission) Act* ay ang mga sumusunod:

- kung saan titira ang nasa hustong gulang;
- kung ipapasok o ilalabas ang nasa hustong gulang sa isang pasilidad ng pangangalaga;
- sino ang maaaring bumisita sa nasa hustong gulang;
- kung ano ang mga kailangang gawin na pinansyal na desisyon sa ngalan ng nasa hustong gulang;
- kung ano ang maaaring ibunyag na personal na impormasyon tungkol sa nasa hustong gulang sa isang “third party” maliban kung ang pagbubunyag ay kinakailangan upang magawang kumonsulta sa iba tungkol sa ipinanukalang desisyon sa pangangalaga ng kalusugan;

- kung pipigilan ang nasa hustong gulang sa isang dahilan na walang kinalaman sa ispesipikong pangangalaga sa kalusugan o paggamot;
- kung pipirma sa isang tagubilin na tanggihan ang hinaharap na Cardiopulmonary Resuscitation (CPR) o pahihintulutan ang isang Do Not Resuscitate (DNR) order (ang nasa hustong gulang lamang ang maaaring magbigay ng mga tagubilin tungkol sa hinaharap na pangangalaga sa kalusugan at tanging ang isang doktor lamang ang maaaring gumawa ng isang DNR order).

*PAALALA: Sa ilang mga pagkakataon, maaaring bigyan ng pahintulot ng PGT ang isang nasa hustong gulang na maging TSDM at/o Kapital na Tagapagdesisyon (Substitute Decision Maker - SDM) upang magdesisyon tungkol sa care facility; ito ay nangangailangan ng isang hiwalay na pahintulot. Para sa karagdagang impormasyon sa prosesong ito, tingnan ang aming brochure **Care Facility Admission and the Role of the Public Guardian and Trustee** (Ang Pagpasok o Admission sa Care Facility at ang Tungkulin ng Public Guardian and Trustee).*

Gaano Katagal ang Responsibilidad ng isang TSDM?

Ang tagal ng iyong pagpapahintulot (authorization) ay itinakda sa iyong Notice of Authorization mula sa PGT. Ang isang pagpapahintulot sa TSDM ay maaaring maging para sa isang pangangalaga sa kalusugan/paggamot lamang (hal., pag-opera), magkakasunod na pangangalaga sa kalusugan/paggamot, o **para sa hanggang** isang taon.

Ang iyong responsibilidad ay nagtatapos kapag ang taong kailangan ng pagpapasya ay mayroon ng kakayahang gumawa ng kanyang sariling mga desisyon na kaugnay ng paggamot. Dapat mong abisuhan

ang kasangkot na health care provider at abisuhan din ang PGT kung naniniwala kang ang indibidwal na hinahalinhan mo ay may kakayahan nang magbigay o tanggihan ang pahintulot.

Bilang karagdagan, kung ang isang karapat-dapat na malapit na kamag-anak o matalik na kaibigan ay naging available o ang isang legal na kapital na tagapagdesisyon ay nai-appoint, ang isang TSDM na pinahintulutan ng PGT ay hindi na maaaring gumawa ng mga pagpapasya. Ang isang legal na kapital na tagapagdesisyon, malapit na kamag-anak o matalik na kaibigan ay hindi na kinakailangang pahintulutan ng PGT upang makapagsimula sa paggawa ng mga desisyon sa pangangalagang pangkalusugan sa ngalan ng isang wala nang kakayahang nasa hustong gulang.

Ano ang gagawin ko kung hindi na ako maaaring magpatuloy na kumilos bilang isang TSDM?

Kung hindi mo na kayang magpatuloy na kumilos bilang TSDM sa anumang dahilan, abisuhan ang kasangkot na health care provider at ang PGT. Ang isang pagpapahintulot sa TSDM ay hindi maililipat. Dapat abisuhan ang PGT upang malaman kung ang isang bagong TSDM ay maaaring pahintulutan, o kung ang PGT ang siyang kikilos bilang TSDM.

Ano ang proseso para muling pahintulutan ang isang TSDM?

Ang proseso para sa muling pagpapahintulot sa isang TSDM ay katulad ng unang proseso ng pagpapahintulot. Maaaring hilingin ng PGT na makita ang talaan ng mga desisyon na iyong iniingatan. Isasaalang-alang ng PGT ang anumang ipinahayag na mga kagustuhan ng nasa hustong gulang kabilang na rin ang mga rekomendasyon ng mga kasangkot na health care provider o iba pang mga tao na may kaalaman tungkol sa sirkumstansya ng nasa hustong gulang.

Makipag-ugnayan sa Public Guardian and Trustee

Personal Decision Services

700–808 West Hastings Street
Vancouver, BC V6C 3L3

LOCAL PHONE	604 660 4507
TOLL FREE PHONE	1 877 511 4111
LOCAL FAX	604 660 9479
TOLL FREE FAX	1 855 660 9479
EMAIL	AIS-PDS@trustee.bc.ca

Pagtawag sa Toll-free na numero

Tumawag nang walang bayad sa pamamagitan ng Service BC. Matapos i-dial ang tamang numero para sa iyong lugar (tingnan sa ibaba) humiling na makausap ang Public Guardian and Trustee.

VANCOUVER	604 660 2421
VICTORIA	250 387 6121
IBA PANG LUGAR SA BC	1 800 663 7867
EMAIL	mail@trustee.bc.ca
WEBSITE	www.trustee.bc.ca

*Mga oras ng opisina sa PGT, Lunes hanggang Biyernes 8:30am
- 4:30pm.*

Mahalagang paalaala:

Ang impormasyon na ito para sa Mga Pansamantalang Kapital na Tagapagdesisyon na May Pahintulot ng Public Guardian and Trustee ay ibinibigay ng Public Guardian and Trustee of British Columbia. Ito ay pangkalahatang impormasyon lamang at hindi kapital ng legal na payo. Kung kailangan mo ng legal na payo na may kaugnayan sa pagpasok sa care facility, makipag-ugnayan sa isang abogado o notaryo o iyong local community law office.